STDs (Sexually Transmitted Diseases)

STDs are also called venereal diseases. They are caused by germs that live on the skin or in body fluids such as semen, vaginal fluid or blood. The germs are passed from an infected person often through sexual contact with skin, blood or body fluids. These germs can enter the body through the vagina, mouth, anus and open sores or cuts. STDs are not spread by casual contact, by being in swimming pools or by sitting on toilet seats.

Signs of STDs

Signs may occur days, weeks or months after exposure. Some men and women have no signs but have a STD and can pass it onto others.

Common signs include:

- Burning with urination
- Genital ulcers such as open sores or blisters
- Warts
- Skin rash
- Discharge from the penis or vagina
- Abdominal pain, most often in women

Types of STDs

- Gonorrhea
- Syphilis
- Herpes
- Chlamydia
- Hepatitis (HBV)
- Human Immunodeficiency Virus (HIV)
- Human Papilloma Virus (HPV or genital warts)
- Chancroid

STDs (Mga Sakit na Nakukuha sa Pakikipagtalik)

Ang mga STDs (o mga sakit na nakukuha sa pakikipagtalik) ay tinatawag ding venereal diseases. Ang mga ito ay dulot ng mga mikrobyo na nabubuhay sa ating balat o mga likido sa katawan kagaya ng semilya, mga likido mula sa ari ng babae o dugo. Ang mga mikrobyo ay kumakalat mula sa isang apektadong tao kadalasan sa pamamagitan ng sekswal na pagkakalapit ng mga balat, dugo o mga likido sa katawan. Maaaring pumasok sa katawan ang mga mikrobyong ito sa pamamagitan ng ari ng babae, bibig, puwet at sariwang mga sugat o mga hiwa. Ang mga STDs ay hindi kumakalat sa pamamagitan ng kaswal na pagkakalapit, ng paliligo sa swimming pool o ng pag-upo sa mga inidoro.

Mga Palatandaan ng STDs

Ang mga palatandaan ay maaaring mangyari sa loob ng ilang araw, linggo o buwan pagkatapos kayong malantad sa sakit. Ang ilang lalaki at babae ay walang mga palatandaan ngunit mayroon silang STD at maaari nilang mahawaan ang ibang tao.

Kabilang sa mga karaniwang palatandaan ang:

- Masakit na pag-ihi o nakakaramdam ng pag-aapoy kapag umiihi
- Mga ulser o sugat na nagnanaknak sa ari ng babae o lalaki kagaya ng sariwang sugat o mga paltos
- Mga kulugo (warts)
- Mga pantal o butlig sa balat
- Mga likidong lumalabas mula sa ari ng lalaki o babae
- Pananakit ng tiyan, kadalasan sa mga babae

Mga Klase ng STDs

- Gonoria o Tulo
- Sipilis
- Herpes
- Chlamydia/Klamidia
- Hepataytis
- Human Immunodeficiency Virus (HIV)
- Human Papilloma Virus (HPV o mga kulugo sa bandang ari)
- Chancroid

Preventing STDs

Abstinence, or no sexual relations, is the best way to prevent the spread of STDs. If you choose to have sexual relations, have one partner and always use latex condoms that have nonoxynol-9 and use with spermicidal jelly.

Testing

You should be tested for STDs if you:

- Have had oral, anal, or vaginal sex and did not use latex condoms.
- Share needles to inject drugs or have sex with someone who does share needles.
- Feel you may have been exposed to or have signs of a STD.

You can be tested for a STD by your doctor or at your local health department. Most testing for STDs is anonymous.

You can go to the Sexual Health walk-in Clinic at the Columbus Health Department at 240 Parsons Avenue, Columbus, OH. Their phone number is (614) 645-7772. Testing for HIV is free and tests for other STDs have a small fee.

Your Care

Most STDs are treatable. Some can be cured but others cannot. Medicine can be used to help signs and keep the disease from getting worse.

As a part of your care:

- Avoid sexual relations until you and your partner have been treated.
- Take antibiotics as directed until your treatment is done. Be sure to take all of the medicine your doctor orders.

Pag-iwas sa mga STDs

Ang pag-aabstinensya, o hindi pakikipagrelasyon ng sekswal, ang siyang pinakamabuting paraan upang mapigilan ang pagkalat ng mga STDs. Kung pipiliin ninyong magkaroon ng sekswal na relasyon, pumili ng isang kapareha lamang at palaging gumamit ng mga latex condoms na mayroong nonoxynol-9 at gamitin ito kasama ang spermicidal jelly.

Pagsusuri

Kailangan ninyong magpasuri para sa mga STDs kung:

- Nakipagtalik kayo sa pamamagitan ng bibig, puwet, o ari at hindi gumamit ng mga latex condoms.
- Gumagamit kayo ng pinagsasaluhang mga karayom upang pang-iniksiyon ng mga droga o nakipagtalik sa isang taong gumagamit ng ganitong mga karayom.
- Pakiramdam ninyo ay nailantad kayo sa o may mga palatandaan ng isang STD.

Maaari kayong magpasuri para sa STD sa inyong doktor o sa inyong lokal na kagawaran ng kalusugan. Karamihan sa mga pagsusuri para sa STD ay gagawin nang walang pagkakakilanlan sa inyo (anonymous).

Maaari kayong pumunta sa Sexual Health walk-in Clinic sa Columbus Health Department sa 240 Parsons Avenue, Columbus, OH. Ang kanilang numero ng telepono ay (614) 645-7772. Ang pagsusuri para sa HIV ay libre at ang mga pagsusuri para sa ibang mga STDs ay babayaran ng maliit na halaga lamang.

Ang Inyong Pangangalaga

Karamihan sa mga STDs ay nagagamot. Ang iba ay maaaring malunasan ngunit ang iba naman ay hindi. Maaaring gamitin ang mga gamot upang mapagaan ang mga palatandaan at pigilan ang paglala ng karamdaman.

Bilang bahagi ng inyong pangangalaga:

- Iwasan ang mga sekswal na relasyon hanggang kayo at ang inyong karelasyon ay nagamot na.
- Uminom ng mga antibiyotik ayon sa bilin ng doktor hanggang matapos ang inyong paggamot. Siguraduhing inumin ang lahat ng mga gamot na ibibilin ng inyong doktor.

- Call to make an appointment to repeat tests 3 weeks after finishing your antibiotics.
- Return to the Emergency Department or call your doctor if your signs get worse or you have a fever of more than 101 degrees F or 38 degrees C.

There are risks of other problems and more serious disease if you do not get treatment or get incomplete treatment.

Talk to your doctor or nurse if you have any questions or concerns.

7/2007. Developed through a partnership of Mount Carmel Health, Ohio State University Medical Center and OhioHealth, Columbus, Ohio. Available for use as a public service without copyright restrictions at **www.healthinfotranslations.org**.

- Tumawag at itakda ang pakikipagtipan sa doktor upang ulitin ang mga pagsusuri 3 linggo pagkatapos maubos ang inyong mga gamot na antibiyotik
- Bumalik sa Emergency Department o tawagan ang inyong doktor kung lumala ang inyong mga palatandaan o kayo ay may agnat ng higit sa gradong (degrees) 101 F o gradong (degrees) 38 C.

Mayroong mga panganib ng ibang mga problema at mas malalang mga karamdaman kung hindi kayo magagamot o hindi kumpleto ang inyong paggagamot.

Kausapin ang inyong doktor o nars kung mayroon kayong mga katanungan o pag-aalala.

7/2007. Developed through a partnership of Mount Carmel Health, Ohio State University Medical Center and OhioHealth, Columbus, Ohio. Available for use as a public service without copyright restrictions at **www.healthinfotranslations.org**.